# Abiso sa Pagpapatigil ng Serbisyo

| Petsa ng Abiso: |
|---|
| Siklo ng Pagsingil: |
| Numero ng Kostumer: |
| Numero ng Account: |
| Pangalan ng Kostumer: |
| Lokasyon ng Serbisyo: |

**LUNGSOD NG VACAVILLE**
**Utility Billing Division**
**650 Merchant Street**
**Vacaville, CA 95688-6908**
**www.cityofvacaville.com**
**707-449-5128**

## Abiso sa Pagputol ng Serbisyo

| | |
|---|---|
| Halagang Lagpas na sa Taning | $000.00 |
| Bayad sa Abiso | $ 13.50 |
| **Kabuuang Halagang Lagpas na sa Taning** | **$000.00** |

Alinsunod sa aming naunang abiso, tapos na ang ibinigay na taning na panahon para sa pagbabayad ng iyong bayarin na may halagang **${Halagang Lagpas na sa Taning}.** Kung hindi binayaran sa pagtatapos ng araw ng negosyo sa **{Date}** mapipilitan kaming putulin ang serbisyo sa susunod na araw ng negosyo.

Kung mayroon kang mga katanungan patungkol sa abisong ito, mangyaring tumawag sa (707) 449-5128, mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 am - 5:00 pm.

Ipinaaalam ang iskedyul ng Lungsod na sarado sa Sabado at Linggo, pista opisyal at tuwing ikalawang Biyernes.

Kung ang iyong account ay hindi current {sa petsa}, natigil man o hindi ang serbisyo, sisingilin ka ng bayarin para sa hindi pagbabayad. Kung ang iyong serbisyo ng tubig ay natigil, iniaatas ng patakaran ng Lungsod na ang lahat ng mga delingkuwenteng bayarin at utang ay dapat bayaran nang buo, bago maibalik ang serbisyo.

Kung kasalukuyang wala ka pang account para sa serbisyo ng tubig ngunit isa kang nangungupahan sa propriyedad na ito, ikaw at ang bawa't isa sa inyo o magkakasama kayo ng iba pang nangungupahan sa propriyedad na ito, ay may karapatang maging isang kostumer . Ang mga aktwal na gumagamit ng serbisyo ay maaaring maging mga kostumer ng Lungsod kung sila ay payag at may kakayahan na akuin ang mga responsibilidad para sa buong account at mga kasunod pang magiging bayarin.

Hindi ipapatigil ng Lungsod ang iyong serbisyo ng tubig sa ilang mga sitwasyon na inilalarawan sa likod ng abisong ito. Kung naniniwala ka na ikaw ay nasa alinmang sitwasyon, dapat mong sundin kaagad ang mga proseso na nakasaad sa likod ng abisong ito upang hindi ipatigil ng Lungsod ang iyong serbisyo. Mangyaring basahin ang iyong mga karapatan sa loob ng abisong ito.

Mga opsyon sa pagbabayad ng bayarin:

Online https://www.onlinebiller.com/vacaville/

Sa telepono: (707) 449-5128, opsyon 2

# Stub ng Pagbabayad- walang pagbabago/katulad ng kasalukuyang stub

# Abiso sa Pagpapatigil ng Serbisyo

**MGA PAGSASALING WIKA**

* Visite nuestra oficina o sitio web para obtener una traducción de este aviso.

*请访问我们的办公室或网站，以获取本通知的翻译。

*Mangyaring bisitahin ang aming opisina o website para sa isang pagsasalin ng abisong ito.

* Vuilòngtruycậpvănphònghoặctrang web củachúngtôiđểdịchbảnthôngbáonày.

*이통보서를번역할사무소나웹사이트를방문하십시오.

**PAGHINGI NG ISANG PAGSUSURI NG BAYARIN**

Kahit sinong kostumer ay maaaring humingi ng isang pagsisiyasat ng kanilang mga bayarin sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang pinunan na Form ng Hiling sa Kahilingan na makikita sa www.citofvacavile.com o sa aming tanggapan. Ang mga aplikasyon ay dapat isumite sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagpapakita ng hindi napagkasunduang bayarin o anumang abiso para sa nasabing bayarin. Hindi ipatitigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa panahon ng isang pagsisiyasat. Kung sa tingin ng kostumer ang resulta ng pagsisiyasat ay hindi kanais-nais, mayroon silang karapatang mag-apela ng desisyon sa Direktor ng Administratibong Serbisyo o Direktor ng Utility sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na kahilingan na may pahayag na ang bayarin ay hindi napagkasunduan at isang buong paliwanag ng hindi napagkasunduan. Ang Lungsod ay gagawa ng huling pagpapasiya sa loob ng 15 araw matapos matanggap ang nakasulat na kahilingan ng kostumer para sa pagsusuri o pagsisiyasat. Ang isang kostumer ay hindi maaaring mag-apela ng higit sa tatlong bayarin sa loob ng isang labindalawang buwan. Ang pagpapasiya ng Direktor ng Administratibong Serbisyo o Direktor ng Utility ay ang siyang susundin.

**PAGHILING NG PAG-AMORTISASYON NG BAYARIN**

Ang sinumang kostumer na hindi kayang bayaran ang kanilang bayarin sa utility bill bago ang nakatakdang petsa ng pagpapatigil ng serbisyo ay maaaring humiling ng alternatibong pakikipag-aayos ng pagbabayad upang maiwasan ang mga karagdagang bayarin o pagputol ng serbisyo. Ang mga naisaayos na  pagbabayad na umaabot sa susunod na bayarin ay itinuturing na isang planong pag-aamortisasyon. Ang mga aplikasyon para sa planong pag-aamortisasyon ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa amin sa (707) 449-5128 o sa aming tanggapan. Ang kostumer ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at dapat manatiling pangkasalukuyan lamang ang utang habang dumaragdag ang panibagong bayarin sa bawat kasunod na panahon ng bayarin. Maaaring hindi na humiling ang kostumer ng anumang mga karagdagang pakikipag-ayos ng pagbabayad habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng bayarin alinsunod sa isang plano sa pag-aamortisasyon. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng plano sa pag-aamotisasyon ay magreresulta sa pagpapalabas ng isang nakasulat na abiso sa pagpapatigil ng serbisyo.

**PAGBABALIK NG SERBISYO:**

Upang maipagpatuloy o ipagpatuloy ang serbisyo na pinatigil dahilan sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng kostumer ang lahat ng delingkuwenteng bayarin at mga utang. Upang maibalik sa araw din nang pagputol ang serbisyo nang hindi nagbabayad ng multa sa pagbabalik ng serbisyo paglipas lang ng ilang oras, dapat na matanggap ang bayad bago ang 4:00 ng hapon. Ang serbisyo ng tubig na muling ibinalik ng sinuman maliban sa mga tauhan ng Lungsod ay maaaring mapasailalim sa multa o karagdagang singil. Ang anumang mga pinsala na nagaganap na resulta ng hindi awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

**IMPORMASYON NG KONTAK**

Mangyaring makipag-ugnay sa Utility Billing sa mga katanungan tungkol sa abiso o mga opsyon ng tulong sa pamamagitan ng telepono sa (707) 449-5128, (Lunes – Biyernes 8:00-5:00), o sa personal sa 650 Merchant Street (Lunes - Biyernes 8:00-5:30). Ipinaaalam ang iskedyul ng Lungsod na sarado ito tuwing Biyernes at pistang opisyal.

Blangko - Ang likod ng Stub ng Pagbabayad